# **Level-up (valentine’s day special)** by stainless_pen ♥

**“Curie! Curie!”** nagaanswer ako ng seatwork nang tinawag ako ni Merc mula sa labas ng classroom namin. **“huy! Curie! Curie!”**

nilingon ko naman siya pagkatapos kong masagutan yung isang tanong**. “bakit?”**

**“tapos ka na?”**

**“malapit na. Sandali na lang.”** mahina kong sagot sa kanya.

Dinalian ko na ang pagsagot sa seatwork namin at nung natapos na ako, agad na akong tumayo at pinasa sa table ni ma’am yung paper at lumabas ng classroom kung saan kanina pa palang naghihintay si Merc.

**“Hi bestplen! may baon kang dala ngayon?”** tanong niya saakin nung nakalabas na ako sa room.

Lunch na ngayon at every day, sabay kaming kumakain ni Merc.

**“wala ee. Bibili nalang ako sa canteen.”**

**“oh sige.”**

Pumunta na kami ni Merc sa canteen at umupo dun sa pinakasulok na table.

Nauna akong tumayo para bumili ng pagkain papuntang counter at naiwan naman si Merc doon sa mesa para magbantay sa mga gamit namin.

**“Hi Merc!”** dinig kong sabi ng isang babae mula sa malayo.

Isang pamilyar na boses. Ang boses na pinakaaayawan ko. Ang boses na kahit kalianma’y ayaw kong marinig.

Pero pano ba yan? Dinig na dinig ko na yung sinabi nya eh! Tinawag niya si Merc. Tinawag ng LINTAng ito si Merc na bestfriend ko!

Siya si *Linth*. Ang kontrabida sa lovelife ko. Ang kontrabida sa pagkaka*ibigan* namin ni Merc.

Oo, crush ko yung bestfriend kong SOBRANG MANHID.

Cliché noh? eh pano ba yan? Yan naman ang parating istorya ng magkakaibigang lalake at babae eh. Hindi ko naman maiwasan dahil grabe naman pumintik tong si kupido! WRONG DIRECTION! Bat ba kasi sa kaibigan ko pa ako napamahal ng ganito?

**“Gusto mo pasyal tayo bukas? Advance Happy Valentine’s Day nga pala.”** pagpapatuloy ni Linth habang ngiting ngiti at papunta dun sa table namin ni Merc. Eeeek! Ayoko sa lintang yan! Kung makalandi lang sa kaibigan ko akala mo eh girlpren! At ako naman tong nagseselos na akala mo eh girlfriend din! >.<

Ay tama nga pala. *Valentines* este *Independence* day pala bukas para sa akin. Bitter eh?

Merc, wag kang pumayag please? sabihin mo nalang may date tayo bukas. Please Merc. Pleeeeeease Meeeerc.

Lumingon si Merc kay Linth at napansin kong tumingin muna siya sa akin ng mga 2 seconds bago ibinalik ang atensyon kay Linth.

Umupo si Linth dun sa upuan sa harap ni Merc. Yung upuan ko sana.

**"ha? ah. O sige! Saan tayo?"** tanong ni Merc.

Merc naman ee. Bat ka pumayag? Paano na ako? Wala akong kasabay bukas?

**"Ma'am, ano pong o-orderin niyo?"** biglang tanong naman nung tindera. At doon ko lang napansin na kanina pa pala akong nakatitig sa dalawang naglalandian dun sa table. Kainis lang!

**"a-ate, isang order po nung **********."**

Bumalik na ako sa table at laking pasalamat ko nalang dahil wala na yung babaeng linta.

**

**“Oy bestplen! Uuwi na tayo?”** tanong ko kay Merc paglabas ko sa room namin. Uwian na kasi ngayon at sabay kami parati sa pag uuwi.

**“Mamaya na bestplen! Tambay muna tayo dun sa field.”** Sagot niya naman na ngiting ngiti.

**“Okey! Basta sa isang kondisyon….”**

**“Sus! Itong bestplen ko talaga oh, may pa ek-ek pang condition-condition na yan.”** sabi niya sabay akbay sa akin.

**“Edi wag! Hindi ako pupunta dun!”** pagkukunwari kong nagtatampo.

**“oy! wag magtampo! Eh ano ba yung condition mo ha, bestplen?”** kinurot niya naman yung pisngi ko.

***Be my date tomorrow***.

Joke! sa isip ko lang sinabi yun.

**“Ilibre mo muna ako ng pagkain. Ginugutom ako prend ee!”**

**“Yun lang naman pala eh! Tara dun sa suki mo! Ililibre ko ngayon ang patay gutom kong bestplen na si Curieeee!”** energetic niyang sabi at napatawa nalang ako habang hinihila niya ako gamit ang kamay niya na nakapatong sa balikat ko.

**“Mukhang energetic ka masyado ngayon prend ah?”**

**“Hihihi! Wala lang! Ginugutom din ako eh! gusto ko ding kumain. Atsaka, excited ako sa sagot mo mamaya.”** sabi niya sabay wink.

**“Huh? Anong sasagutin ko mamaya?”**

**“Basta.”**

Kainis naman oh! May sagot bang basta? **=_=**

Pagkatapos naming bumili ng ice cream ni Merc ay pumunta kami dun sa field para tumambay. May nakita kaming punong kahoy kaya napag tripan naming akyatin ang mga sanga nito.

Kaya nandito kami ngayon sa sanga ng isang kahoy. Bale dito ako sa left na branch at siya naman ay nasa right. Mabuti nga at hindi masyadong mataas tong kahoy nato dahil kung hindi, naku, good luck nalang sa damo na nasa ilalim ko.

Pero kahit papaano, natakot parin ako. Susmiyo, kung mahuhulog ako, paano na tong bestplen ko? Hindi ko na siya mapapakasalan? uwaaaa! (joke lang!)

**“Bestplen…”**

**“yup?”**

**“Natatakot ako ee.”**

**“baka mahulog ka?”**

Sayo? OO. Dahil baka hindi na bestplen ang turing mo saakin kapag nalaman mong crush na crush kita.

**“ay. Hindi. Natatakot ako baka lumipad ako ngayon. Hindi mahuhulog.”**

**“Grabe. Umaandar nanaman ang pilosopong Curie ee.”**

**“heheh. Joke lang.”**

Nagkaroon ng konting katahimikan. Bat ang awkward? Gusto kong tanungin kung ano yung itatanong niya na

kailanan kong sagutin pero parang kinakabahan ako.

**“Curie/Merc”** wow. sabay ah.

**“Ikaw muna.”** sabi niya.

Eh? Ano nga yung itatanong ko?

**“ahmmm…Advance Happy Valentine’s Day nga pala.”** Sabi ko sabay ngiti sa kanya. Napansin ko naman na nakayuko lang siya na tila kinakabahan kung anong sasabihin.

Bigla siyang ngumiti at lumingon sa akin. **“Heheh. Sa’yo din.”**

shakss. Matutunaw ako sa ngiti niya!

**“Ano nga pala yung itatanong mo na kailangan kong sagutin?”** bigla kong naitanong.

**“ah. Yun pala. Hehehe. May kadate ka ba bukas?”** tanong niya habang ngiting ngiti.

**“Oo.”** sagot ko sa kanya.

**“Sino?”**

“**Yung ref ko.” =_=**

**“HAHA! Ang korny mo naman prend! Pero seryoso, meron ba?”**

**“Walaaaaaa. Eh sino ba namang magkakagusto sa isang bruhang katulad ko noh.”**

**“Asus! Eh kailan ka pa ba naging bruha?”**

Simula nung nahulog ako sa bestplen ko.

**“Eh ikaw, meron kang kadate bukas?”** pagbabale-wala ko sa sinabi niya.

**“Meron.”**

Boom. Maron daw Curie. Meron daw. May ka-date siya bukas.

**“Ayeeeee. Sino naman yan?**

**“Si Linth.”** sabi niya habang nakatingin sa mukha ko.

**“aaaahh. o-ok. Good luck sa date niyo.”**

Pisti. Gusto kong umiyak!

Pero bigla siyang ngumiti nang nakakaloko.

**“nagseselos ka?”**

binatukan ko.

**“w-wala noh! Selos ka dyan!”**

**“Sooooos! Ang bestplen ko nagseselos oh!”**

**“Hoy! wag kang sumigaw! Hindi ako nagseselos noh! Magpapahulog ako dito para mapatunayan mong hindi ako nagseselos!”**

Sige pa Curie. Magsinungaling ka pa. =_=

**“O-oy! Wag naman! Ayokong mawalan ng bestplen noh! Pero wag kang magalala, kung mahuhulog ka man, sasaluin kita….”** lumingon siya sa opposite side at parang may binulong sa sarili niya na hindi ko maintindihan

***“…gamit ang puso ko.”***

**“Ha? may sinabi ka?”**

**“Meron ba? W-wala naman eh.”**

**

**FEBRUARY 14 – VALENTINE’s DAY**

Independence day sa mga single!

**“Goooooood moooorning sunshine!”** bati ko kay Mr. Sunshine habang umiinat atsaka lumabas na ako mula sa kwarto para kumain. Laking tuwa ko naman dahil nakita ko na yung ka-date ko ngayon.

**“Hello mahiwaga kong ref! Rarape-in muna kita ngayong araw na to ha?”** +_+

*Ibang araw na ngayon Curie. Hindi na kagaya ng kahapon. Tanggapin mo nalang kasi na may ka-date na yung mahal mo! Hindi ikaw ang gusto niya. Isang linta ang gusto niya!* ———> ini-imagine ko ang ref ko na nagsasabi nito sa akin kaya humarap ako sa kanya. OO, ako na ang mukhang shunga dito. Buti nalang wala sila mama at papa.

**“Hoy rep! Wag mo akong ibo-broken hearted ngayon ah? Please naman oh. Ay naku, matorture na nga kita!”** Sabi ko sabay bukas ng ref.

pagkatapos kong kumain nang kumain nang kumain ay naligo na ako at nagbihis na din. Lumabas na ako sa

bahay at ready to go na sa school. Syempre, may dalang pagkain!

Wala pang 10 minutes at nakarating na ako sa school. Naglalakad ako ngayon sa corridor. Ang daming couples dito! NakakaOP. May ibang nagdadate sa gilid ng corridor, may ibang nakikipagflirt, may natitilian na mga babae dahil dumaan yung campus hearththrob, may ibang nagdadala ng mga bouquet, may ibang nagpapadala ng mga chocolates and letters. At syempre, mawawala ba naman ang mga dakilang loner at mga bitter ngayon? Eto, pasulyap-sulyap nalang at hahanapin ang crush para mabuo yung araw.

Pero duuuh. Like I care sa mga kaechosan ngayong araw? Uunahin ko muna yung mga projects ko ngayon bago diyan sa pag-ibig na yan noh! Bukas na ang deadline nito. Di tulad diyan sa lecheng pag-ibig na yan na kahit hindi pa na-a-announce, wala na, deadline na. *Dahil nalaman mong may iba na siya.*

Dumiretso na ako sa classroom namin para tapusin yung project ko. Actually, nabaguhan ako sa araw na 'to dahil wala yung lalaking nag go-good morning sa akin kada araw. Namiss ko tuloy siya. Pero naaaaaah, busy siguro yun sa linta niya!

Sumalampa na ako sa sahig at nilabas yung mga gagamitin ko sa project. Wala pang teacher kaya hindi ko na sinayang ang oras ko at gumawa na ako ng project. Nakakalat na lahat ng mga stick glue, tapes, designs, special papers, gunting, etc. sa sahig.

Busyng busy ako at ayokong may dumistorbo sa akin. Magcoconcentrate ako sa trabaho ko habang nagcoconcentrate naman yung iba sa paglalandian nila. HAHA! o sige, ako na ang bitter.

Meeeeerc. Namimiss na kita. :(

Mga 1 hour na akong nagtatrabaho dito sa project ko at nalilibang na din ako sa paggawa nito. Nakalimutan ko na rin na Valentine's Day pala ngayon. Parang na sa iba na akong mundo nung ginagawa ko tong project ko. Ang saya! Sana maganda ang kinalabasan nito!

**"Curie! Curie!"** dinig kong tawag ng isa sa mga classmate kong lalaki na halatang hinihingal pa sa kakatakbo.

ay nako. Istorbo lang ah?

**"Ano?"**

**"Puh-mhun-tah ka daw sa rhoof-htop ngah-yon."**

**"At sino namang boss ang nag-utos sayo na papuntahin ako sa rooftop? Pupunta lang ako dun pag magpapakamatay na ako."** =_=

**"Basta. Punta ka na daw dun!"**

**"Eeeee. Mamaya na. Hindi naman mawawala yang rooftop. Makakapaghintay yan. Busy pa ako sa project ko."**

**"Magmadali ka daw sabi niya."**

**"Sino ba kasi yan?!"**

**"Malalaman mo din!"**

at sa lahat pa ng ayaw ko, yung iniistorbo ako. Bwisit lang! nakakayamot ee. Pinapaganda ko na nga yung project ko tapos may umeepal?!

**"Ayoko."**

**"Hihilahin daw kita papunta doon pag ayaw mo."**

**"Don't you dare."** sabay irap ko sa kanya.

As if. Sa taba kong to kaya niya akong hilahin patungong rooftop? Oh, scratch that. Sexy ako noh!

Unti-unti siyang lumalapit sa akin na para bang totohanin yung sinasabi niyang hilahin ako patungong rooftop. Naku pooooo! Busy ako! BUSY NGA AKO!

pwera nalang kung si Merc ang mag-aaya sa akin. Hindi lang ako sa rooftop pupunta! Parang heaven na rin ang pupuntahan ko nyan!

hinawakan niya na nga ang kamay ko. **"Halika na nga daw."**

ANO????!!! HALIKAN NA NGA DAW?

**“HOY PERVERT! Anong halikan na?! tsaka bitiwan mo nga kamay ko!”**

**“huh?”** pati siya, litong-lito rin sa sinabi ko.

**“May halikan ba sa taas?”**

napakamot naman siya ng ulo. **“eeee. Hindi yan ang ibig kong sabihin. Sabi ko, halika na sa taas. As in punta ka na daw doon sa taas. Naku, pag hindi ka pumunta, tiyak pagsisisihan mo ang araw na to.”** pagbabanta niya sabay smile ng nakakaloko.

ay ewan! nakakainis naman!

**“hihilahin kita ah?”**

**“ay naku! wag na! wag na! umalis ka na dyan at pupunta na ako doon sa epal mong boss na kung sino man siya, ang epal niya! ISA SYANG MALAKING EPAL! Kita mo? gumagawa pa nga ako ng project oh!”** pinagsisigawan ko na yung classmate ko.

Tumayo na nga ako at pupunta na sa hagdanan papuntang rooftop.

Naku! makakatikim yung boss niya ng bibig kong parang riffle! Ang sungit ko pa naman kung iniistorbo!

ratatat. ratatat. ratatat. at kung ano ano nang pinagsasabi ko sa kanya. Hindi naman siya umiimik.

Kainiiiiis! Bitter na nga ako ngayong Valentine’s Day, iniistorbo pa ako ng taong, este, halimaw na EPAL. Tsk.

Sa wakas at nakaabot na din ako sa rooftop. Padabog kong binuksan yung pinto kaya parang lumipad ito sa lakas ng pagkabukas ko.

Bwisit kang epal ka! Humanda ka!

**“HOY LALAKING BOSS NA INUTUSAN TONG UTO-UTO KONG KLASMEYT”** sigaw ko kaagad kahit hindi ko pa nasisigurado kung sino yung boss na yun.

Teka, wala namang tao ah?

tingin sa kaliwa <.<

tingin sa harap o.o

tingin sa kanan >.>

wala naman ee.

=____=

*ikaw ang uto-uto Curie.* sabi ko sa isip ko.

**“HOY! LUMABAS KA DYAN KUNG AYAW MONG UMALI------HMFFF!”**

hindi ko natuloy ang sasabihin ko dahil may kamay na tumabon sa bibig ko mula sa likod ko.

**“kung ayaw kong…?”** bulong niya.

wait, teka, wait, teka…

kilala ko kung kaninong boses to ah?

**“Wag kang sumigaw bestplen. Baka sugurin tayo ng teacher dito.”** mahina naman niyang sabi.

gulay! ^3^

nasa heaven na ba ako o sa rooftop?

**“B-b-bestplen?”** paninigurado ko at unti-unti naman niyang tinanggal ang kamay niya sa bibig ko.

At pumunta siya harapan ko, as in sobrang lapit niya sa akin.

Face to face na kami.

bigla siyang ngumiti at nagsabing **"Happy Valentine's Day Curie."**

**"ah-ehh"** ih-oh-uh. Anong dapat kong sabihin? **"H-happy Valentine's Day din."**

hindi ako makasalita nang maayos kasi ang lapit niya sa akin.

Bestplen ko to pero bakit na-a-awkward ako ngayon? parati naman kaming magkasama at magkalapit ah. Bat parang kinakabahan ako na parang anytime ay lalabas na tong puso ko?

hinawakan niya ang pisngi ko at tinabing nang konti yung mga buhok papunta sa likod ng tenga ko.

bigla siyang ngumiti at bumulong **"you're so cute when you blush."**

Ikaw naman kasi Merc ee! Jino-joke time mo ba ako ngayon?! hmp! kainis! wag kang mamula Curie! wag!

parang ang tagal mag sink-in sa utak ko ang mga nangyayari ngayon.

hindi pa ako nakakaisip ng tamang sasabihin habang unti-unti namang namumuo tong mga luha sa mga mata ko. Ano ba namang tamang sasabihin sa bestplen mo na mahal mo sa ganitong sitwasyon?

sa hindi ko malamang dahilan, napayakap nalang ako sa kanya. **"Bestplen naman ee. Ano bang pinagsasasabi**

**mo?”**

humigpit naman ang pagkayakap niya sa akin.**“Curie, Mahal kita hindi lang bilang bestplen ko. Mahal kita Curie, mahal na mahal.”**

**“Jino-joke time mo naman ako ee.”** sabi ko habang sinusuntok nang mahina yung balikat niya.

**“Seryoso ako Curie. Hindi lang bilang bestplen ang tingin ko sa’yo. Kaya p-pwede bang lumevel-up naman tayo? Sawa na ako sa pagiging bestplen lang natin ee. Dati palang inlove na ako sayo. Dati palang gustong-gusto na kitang makasama palagi. P-pwede ba kitang ligawan?”**

lumayo ako nang konti sa pagkayakap niya**. “Akala ko ba si linth ang ka-date mo ngayon? akala ko ba siya ang niliiligawan mo?”**

**“joke lang yun.”** sabi niya sabay smile

**“bakit mo ginawa yun? Sabi mo si Linth eh. Nagselos tuloy ako”** *pout*

**“dahil gusto kong masiguro na mahal mo ko sa pamamagitan ng pagpapaselos!”**

**“walangya ka naman ee!** *sob* **Ang sama-sama mo!** *sob* **Dinistorbo mo pa ako ngayon sa paggawa ng project ko.** *sob* **Bitter pa naman ako ngayon. Akala ko naman kung sino** *sob* **yung nagpautos dun sa classmate ko na papuntahin dito sa rooftop.** *sob* **Eh ikaw lang naman pala ang madadatnan ko.”** Ewan. Hindi ko na alam ang pinagsasabi ko. Nawiwindang na ako sa mga pangyayari.

Totoo? seryoso? Mahal ako ng taong mahal ko?

**“Eh ayaw mo ba? Sasagutin mo lang naman yung tanong ko. Pwede ba akong manligaw sa bestplen kong iyakin?”** tanong niya habang pinapahid ang thumb niya sa pisngi ko at pinupunsan yung luha ko.

**“Ngayon palang sinasagot ko na ang bestplen kong torpe.”**

**“o-oy! sinabi ko na nga ngayon eh! Pero ano? Sinasagot mo na ako? OO na? OO?”** excited niyang tanong na parang anytime ay tatawagin na yung pangalan niya sa winners ng isang contest.

**“OO na sabi! Ang kulit lang eh!”**

nabigla nalang ako nang bigla niya akong inangat at pinagsisigawang **“HIYEESSS! GIRLFRIEND KO NA SI CURIEEEE!”**

**“o-oi! ibaba mo ako!”**

at ibinaba niya naman ako.

***“I love you Curie… and I’ll be the biggest fan of MerCurie love team forever.”***